STARLIGHT CHRISTIAN LEARNING CENTER

**1st QUARTER PERIODICAL TEST SY 2022-2023**
**ARALING PANLIPUNAN 3**

**Pangalan:** ______________________________ **Puntos:**______________

**Permit No.:**______________ **Petsa:** ______________

**I. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa patlang.**

______ 1. Ano ang uri ng mapa na nagpapakita ng pisikal na anyo ng isang lugar?
a. Mapang pangklima b. mapang pisikal c. mapang pulitikal

______ 2. Ano ang kahulugan ng simbolong nasa larawan?



a. kagubatan b. latian c. lawa

______ 3. Alin ang simbolo ng ilog?

a.  b.  c. 

______ 4. Alin ang simbolo ng kabisera ng bansa?

a.  b.  c. 

______ 5. Ano ang tawag sa isang administratibong bahagi ng bansa na binubuo ng mga lalawigan at lungsod?
a. Hangganan b. kabisera c. rehiyon

______ 6. Ilang rehiyon mayroon ang Pilipinas?
a. 16 b. 17 c. 18

______ 7. Ano ang tawag sa pagtukoy ng lokasyon ng isang lugar batay sa kinaroroonan ng mga nasa paligid at katabing pook nito?
a. Pangalawang direksyon b. pangunahing direksyon c. relatibong lokasyon

_____ 8. Alin ang HINDI tumutukoy sa populasyon?
a. Ang kabuuang bilang ng mga taong naninirahan sa isang pook
b. May apat na katangian: laki, kasarian, gulang, at densidad
c. Bilang ng mga naghahanapbuhay sa komunidad.

______ 9. Anong ahensiya ng pamahalaan ang nagsasagawa ng opisyal na pagtatala ng pambansang populasyon?
a. Philippine Statistics Authority
b. National Housing Authority
c. National Bureau of Authority

______ 10. Ano ang tawag sa paglalarawan ng mga anyong lupa at anyong tubig na matatagpuan sa isang pook?
a. Likas na yaman b. pisikal na anyo c. topograpiya

_____ 11. Ano ang kahulugan ng populasyon?
a. Ito ay tumutukoy sa kalahating bilang ng mga naninirahan sa isang lugar o pook.

LIVEWORKSHEETS

b. Ito ay tumutukoy sa kabuuang bilang ng mga naninirahan sa isang lugar o pook.
c. Ito at tumutukoy sa kabuuang bilang ng mga nagtatrabaho sa isang lugar o pook.
d. Ito ay tumutukoy sa bilang ng mga tao na mayroong alagang hayop na naninirahan sa isang lugar o pook.

_____ 12. Bakit kailangan natin malaman ang populasyon ng bawat lalawigan?
a. Dahil pinilit ako ng aking guro
b. Dahil sa populasyon tayo nagmula
c. Para maging bihasa ako sa leksyon tungkol sa populasyon
d. Para malaman natin ang bilang ng tao sa isang lalawigan

_____ 13. Ano ang gagamitin mo upang madaling makilala mo sa mapa ang iba't ibang anyong lupa, anyong tubig at iba pang imprastraktura
a. Letra b. simbolo c. lugar d. pangalan

______ 14. Bakit mahalaga ang bawat tao sa iba't ibang pamayanan sa ating lalawigan?
a. Dahil sila ang kaakibat sa paglilinis ng bakuran
b. Sapagkat sa kanila nagmumula ang pangangalakal
c. Dahil sila ang nagbibigay ng pagkain sa pamayanan
d. Sapagkat ang bawat tao ay bumubuo sa populasyon ng isang lugar.

______ 15. Alin ang pinakamataas na bundok sa Pilipinas?
a. Mt. Apo b. Mt. Pulag c. Mt. Kanlaon

______ 16. Alin ang pinakamahalagang lambak sa Pilipinas?
a. Lawa ng Laguna b. Lawa ng Lanao c. Lawa ng Taal

_____ 17. Alin ang itinuturing na isa sa pinakamainam na likas na daungan sa Asya?
a. Look ng Maynila b. Look ng Sarangani c. Look ng Subic

_____ 18. Alin ang pinakamalaking golpo sa Pilipinas?
a. Golpo ng Davao b. Golpo ng Leyte c. Golpo ng Moro

_____ 19. Anong kipot ang nag-uugnay sa Samar at Leyte?
a. Kipot San Bernardino b. Kipot San Juanico c. Kipot Tablas

_____ 20. Saang lalawigan makikita ang Tiwi Hot Springs?
a. Albay b. Camiguin c. Laguna

_____ 21. Ano ang isa sa sampung nakamamatay na bulkan sa buong mundo?
a. Bulkang Hibok-Hibok b. Bulkang Pinatubo c. Bulkang Taal

______ 22. Saang karagatan nagmumula ang karamihan sa mga bagyong nararanasan ng Pilipinas?
a. Karagatang Atlantica b. Karagatang Indian c. Karagatang Pasipiko

______ 23. Bakit nakakaranas ng mga paglindol ang Pilipinas?
a. Ang Pilipinas ay nasa Pacific Ring of Fire
b. Maraming anyong lupa sa Pilipinas
c. Ang mga kalapit na bansa ng Pilipinas ay madalas ding nakararanas ng mga paglindol.

_____ 24. Anong ahensiya ang nangangalaga sa mga tao sa panahon ng mga kalamidad at emergency?
a. NDRRMC b. PAGASA c. PHIVOLCS

LIVEWORKSHEETS

_____ 25. Alin ang dapat gawin habang lumindol?

a. Lumapit sa mga bintana upang Makita ang nangyayari sa labas
b. Magtago sa ilalim ng matibay na mesa.
c. Manatili  sa loob ng sasakyan kung nakasakay.

______ 26. Isinasagawa ang "duck, cover, and hold" sa panahon ng _______.

a. Lindol    b. tsunami    c. bagyo

_____ 27. Ang mga epekto ng gawaing ito ay pagguho ng lupa, pagbaha at pagkawala ng tirahan ng mga hayop. Anong Gawain ito?

a. Labis na pagputol ng mga puno
b. Paggamit ng ng dinamita sa pangingisda
c. Pagbuga ng maitim na usok ng mga sasakyan.

______ 28. Habang namamasyal sa isang parke, nakita mo ang isang gripo na bukas kahit na wala namang gumagamit. Ano ang dapat mong gawin?

a. Hayaan lamang na bukas ito.
b. Maghintay ng "Kuya" o "Ate" na magsasara ng gripo
c. Isara ang gripo at magpatulong Kung hindi ito kayang abutin.

______ 29. Pagkakain mo ng iyong paboritong kendi, napansin mong walang basurahan sa paligid. Ano ang dapat mong gawin sa balot ng kendi?

a. Itago muna sa bulsa o kaya sa bag
b. Itapon nang walang ibang nakakakita
c. Humanap ng kanal at doon itapon ang balat ng kendi.

______ 30. Alin sa mga ito ang HINDI KABILANG sa mga paraan upang makatulong ang iyong pamilya sa pagbawas ng paggamit ng plastic?

a. Pagdaldala ng ecobag kapag mamimili
b. Paggamit ng plastic na kutsara at tinidor kapag kakain sa labas
c. Pagdadala ng sariling "tumbler" o lalagyan ng tubig.

**IKALAWANG BAHAGI:**

A. Tukuyin kung **TAMA o MALI** ang mga sumusunod na gawain. Isulat ang letrang T kung tama at M kung mali.

___________ 1. Pagtatapon ng basura sa ilog.

___________ 2. Pagtatanim ng mga bagong puno sa kagubatan.

___________ 3. Paglilinis ng kapaligiran sa komunidad.

___________ 4. Pagputol ng mga puno sa kagubatan.

___________ 5. Pagbabawas sa paggamit ng mga plastik.

___________ 6. Pagtitipid sa paggamit ng kuryente.

___________ 7. Pagtatapon ng mga basura sa kung saan saang lugar.


___________ 8. Paghihiwalay ng mga basurang nabubulok at di-nabubulok.

___________ 9. Pagtatanim ng mga bagong puno.

___________ 10. Pag aaksaya sa paggamit ng tubig.

LIVEWORKSHEETS

B. **Kumpletuhin ang mga hinihinging direksyon.**




Mga Pangunahing Direksyon



Mga Pangalawang Direksyon

**Panuto: Tingnan ang mapa ng komunidad. Tukuyin ang direksyon ng bawat istruktura ng komunidad.**




**Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa kahon.**

☐ **1. Nasa ikalawang baitang si Jose, ang kanilang bahay ay nasa sentro ng komunidad. Saang direksyon siya pupunta kung papasok siya sa paaralan?**

a. Hilaga     b. Timog     c. Silangan     d. Kanluran

☐ **2. Saan namang direksyon sila tutungo kung magsisimba ang kanilang mag-anak sa Linggo?**

a. Hilaga     b. Timog     c. Silangan     d. Kanluran

LIVEWORKSHEETS

☐ **3. Saan naroroon ang palaruang pinupuntahan nina Jose at ng kanyang mga kaibigan tuwing Sabado?**

a. Hilaga    b. Timog    c. Silangan    d. Kanluran

☐ **4. Ano ang nasa gawing kanluran ng komunidad nila Jose?**

a. simbahan    b. palaruan    c. paaralan    d. ospital

☐ **5. Ano ang nasa gawing hilagang-silangan ng bahay nila Jose?**

a. simbahan    b. palaruan    c. lawa    d. bahay

☐ **6. Mula sa bahay nila Jose, saan matatagpuan ang bahay ni Brenda?**

a. Timog silangan    c. Hilagang silangan
b. Timog kanluran    d. Hilagang kanluran

☐ **7. Anong istruktura ang nasa hilaga ng bahay ni Brenda?**

a. simbahan    b. ospital    c. bahay ni Jose    d. shopping mall

☐ **8. Ano ang nasa hilagang kanluran ng bahay nila Jose?**

a. lawa    b. ospital    c. city hall    d. palaruan

☐ **9. Mula sa bahay nila Jose, anong istruktura ang matatagpuan sa timog kanluran?**

a. lawa    b. bahay ni Brenda    c. barangay    d. palaruan

☐ **10. Kung gustong mamili ng gamit ni Jose, saang direksyon siya pupunta?**

a. Timog silangan    c. Hilagang silangan
b. Timog kanluran    d. Hilagang kanluran

**Inihanda ni:**
**Teacher Ela Presentacion**

LIVEWORKSHEETS